



Ang bagong PINAkamababang PASAhod

Pangunahing impormasyon
PARA SA MGA MANGGAGAWA

Pinagtibay ng Pamahalaan ng Qatar ang isang pinakamababang pasahod na magkakaroon ng bisa sa **Marso 2021**. Ang bagong pinakamababang pasahod ay pinasimulan upang mapagbuti ang mga pamantayan sa pamumuhay ng mga manggagawa at ng kanilang mga pamilya sa pinanggalingang bansa. Hahantong rin ito sa isang mas may kasanayan at produktibong lakas-paggawa sa bansa.

Ano ang bagong pinakamababang pasahod?

Simula sa Marso 2021, ang iyong tagapag-empleyo ay ligal na kailangang bayaran ka ng pangunahing pasahod na hindi bababa sa QAR 1,000 bawat buwan at bigyan ka ng disenteng tirahan at pagkain.

Gayunpaman, maaaring mas gusto ng iyong tagapag-empleyo na bayaran ka ng mas malaki upang ayusin mo ang iyong sariling pagkain at piliin mo ang iyong sariling tirahan.

Kaya, mayroong tatlong magkakaibang mga bayad para sa pinakamababang pasahod:

- Kung ang iyong tagapag-empleyo ay nagbibigay sa iyo ng disenteng tirahan, (kung hindi ka nagbabayad para sa pagkain at tirahan), ikaw ay may karapatan sa pangunahing pasahod na hindi bababa sa QAR 1,000.
- Kung ang iyong tagapag-empleyo ay nagbibigay sa iyo ng ng disenteng tirahan, pero hindi nagbibigay sa iyo ng pagkain, ikaw ay may karapatan sa isang allowance ng pagkain na hindi bababa sa QAR 300, na idadagdag sa isang pangunahing pasahod na hindi bababa sa QAR 1,000. Sa kasong ito, dapat kang makatanggap ng hindi bababa sa QAR 1,300 bawat buwan.
- Kung ang iyong tagapag-empleyo ay hindi nagbibigay sa iyo ng tirahan o pagkain, ikaw ay may karapatan sa mga allowance na hindi bababa sa QAR 300 para sa pagkain at QAR 500 para sa tirahan na karagdagan sa isang pangunahing pasahod ng hindi bababa sa QAR 1,000. Sa kasong ito, dapat kang makatanggap ng hindi bababa sa QAR 1,800 bawat buwan.

Ang pinakamababang pasahod ba ay naaangkop sa lahat ng mga manggagawa sa Qatar?

Oo. Ang pinakamababang pasahod ay naaangkop sa lahat ng mga manggagawa saang bansa man sila nanggaling, at anumang trabaho ang kanilang ginagawa. Kasama dito ang mga kababaihan at kalalakihan na nagtatrabaho sa mga kabahayan.

Kailan magkakaroon ng bisa ang pinakamababang sahod?

Ang pinakamababang sahod ay magkakaroon ng bisa sa Sabado, Marso 20, 2021.

Ano-ano ang mga minimum na akomodasyon at pamantayan sa pagkain?

Kung ang iyong tagapag-empleyo ay magbibigay sa iyo ng akomodasyon, kailangan niyang sumunod sa mga pamantayan na nakapaloob sa Blg. 18 ng Desisyon ng Ministro o Ministerial Decision No. 18 ng taong 2014. Kung bibigyan ka ng pagkain ng iyong tagapag-empleyo, kailangan mong makatanggap ng tatlong pagkain bawat araw, na nararapat at angkop sa iyong kultura, masustansiya at nagbibigay ng sapat na mga calorie.

Paano kakalkulahin ang aking obertaym?

Simula Marso 2021, ang bayad ng obertaym ay dapat na ibatay sa hindi bababa sa bagong pinakamababang pasahod. Maaari itong maging mas mataas, depende sa mga tuntunin ng iyong kontrata.

Ayon sa Artikulo 74 ng Batas sa Paggawa, ang bayad ng obertaym ay ang iyong normal na kabayaran bawat oras na may dagdag na 25%.

Gayunpaman, kung magtatrabaho ka sa araw ng iyong pahinga, dapat kang makatanggap ng obertaym sa normal na kabayaran bawat oras na may dagdag na 50%.

Kung hindi ka isang shift worker, at nagtatrabaho ka sa pagitan ng 21:00 at 03:00, dapat kang makatanggap ng normal na kabayaran bawat oras na may dagdag na 50%.

Paano kakalkulahin ang aking pabuya sa pagtatapos ng serbisyo?

Kung matatapos ang iyong kontrata pagkatapos ng Marso 2021, ang iyong pabuya sa pagtatapos ng serbisyo ay dapat kalkulahin batay sa hindi bababa sa bagong pinakamababang pangunahing pasahod ([Artikulo 72 ng Batas sa Paggawa](#)).

Sa ilalim ng aking kasalukuyang kontrata, nakakatanggap ako ng mas mababa sa bagong pinakamababang sahod. Kwalipikado ba ako sa bagong batas?

Oo, pagkatapos na magkabisa ang pinakamababang sahod, ang bagong batas ay mailalapat sa iyo anuman ang halaga na nakasaad sa iyong kasalukuyang kontrata. Simula Marso 20, 2021, ang iyong tagapag-empleyo ay ligal na nararapat na magbayad sa iyo ng hindi bababa sa QAR 1,000 bawat buwan, kahit na ang nakasaad sa iyong kontrata ay mas mababa kaysa sa halagang ito.

Ang batas ay hindi nangangailangan na ikaw at ang iyong employer ay lumagda ng bagong kontrata para ikaw ay makatanggap ng bagong sahod. Subalit, ito ay magandang kasanayan para sa isang employer na makipag-ugnayan sa pamamagitan ng pagsulat ng anumang mga pagbabago sa pagbabayad at sa mga kondisyon na nakapaloob sa bagong batas.

Maapektuhan ba ako kung nakakatanggap na ako ng higit sa bagong pinakamababang pasahod?

Hindi kinakailangan. Kung ang iyong pangunahing sahod, pagkain at tirahan ay higit na sa kung ano ang hinihiling ng batas, hindi obligado ang iyong tagapag-empleyo na dagdagan ang iyong suweldo. Maaari mong subukang makipag-ayos para sa mas mataas na suweldo o higit pang mga benepisyo, ngunit kailangan ang pagsang-ayon ng iyong tagapag-empleyo.

Maaari bang bawasan ng aking tagapag-empleyo ang aking suweldo sa bagong pinakamababang pasahod?

Kung susubukan ng iyong tagapag-empleyo na bawasan ang iyong suweldo sa pinakamababang antas ng sahod, ito ay magiging isang paglabag sa kontrata, at maaari kang maghain ng reklamo.

Ang Artikulo 5 ng bagong Ministerial Decree ay nagsasabi na hindi maaaring gamitin ng iyong tagapag-empleyo ang bagong batas bilang katuwiran na bawasan ang iyong suweldo at mag-alok sa iyo ng mga kondisyon na hindi kasing kanais-nais sa mga kondisyon sa iyong umiiral na kontrata.

Ano ang dapat kong gawin kung nakakatanggap ako ng mas mababa kaysa sa pinakamababang pasahod pagkatapos ng Marso 2021?

Maaari mo itong talakayin sa iyong tagapag-empleyo, at/o ipagbigay-alam sa Ministri ng Administratibong Pag-unlad, Paggawa, at Usaping Panlipunan. Maaari kang personal na magsumite ng isang reklamo sa Departamento ng Ugnayang Paggawa, sa hotline (16008), o sa pamamagitan ng email (info@adlsa.gov.qa).